# Ang Panginoon ng mga Alon

**T. S. Sungkit Jr.**

(Tala: Ang nobelang *Ang Panginoon ng mga Alon* ay salin sa Filipino ng nobelang Cebuano ni T. S. Sungkit Jr. na pinamagatang *Ang Agalon sa mga Balod* na nagwagi sa kategoryang Cebuano Novel ng NCCA Writers Prize 2011.)

## I. ANG ALON SA MANILA BAY

GABI IYON NA ang antok lamang ang humihikab sa mga tarangkahan ng kabahayang malapit sa baybaying saklaw ng hilaga at silangang bahagi ng lupaing kayumanggi. Sapagkat nang gabing iyon karamihan sa mga tao ay hindi na nakahikab pa dahil sa sobrang kaba. Ang iba nga'y tila maihi-hindi dahil sa takot. Sariwa pa sa isipan ng karamihan ang mga larawan ng ilang lugar sa Japan na diniladilaan ng tsunami. Sapagkat sino ba ang hindi tumayo ang mga balahibo sa batok sa mga larawang tumatak sa isip hinggil sa mga bahay, sasakyan, eroplano pati mga barko na tila mga laruan lamang na nangakatimbuwang sa tumutulong laway ng tsunami?

"Mahabaging Diyos ilayo Niyo po kami sa kapahamakan!" pagsusumamo ng isang ina habang nakatutok sa balita sa telebisyon.

"Naku, iyan ang karma sa kanila dahil malakas silang kumain ng kinilaw na isda," wika ng isang komento sa isang video na ikinalat sa internet nang gabing iyon. May karugtong pa iyon na "He he he." Hindi alam ng ibang nakabasa noon na iyong he he he sa huli ay isinulat ng nagkomento dahil siya rin ay malakas kumain ng

kinilaw na isda lalong-lalo na kung sariwang *bangsi*.

"Sadyang wala tayong magagawa kapag kalikasan na ang kumilos," wika ng isang nagngangalang Noy_Patok na sa katotohanan ay isa palang mataas na opisyal sa ahensiyang may kinalaman sa kalikasan.

"Mga senyales lamang ito na matatapos na ang mundo sa 2012. Hinulaan na ito ng lumang sibilisasyon ng mga Maya," sabi ng isang nag-alyas ng kaduha_liko@planetmars.com at mayroon pang kasamang link. Kapag pinindot mo ang link makakapasok ka sa isang websayt ng isang kulto na nagtitinda ng tiket para sa isang spaceship na lalabas sa planetang Earth bago pa dumating ang Disyembre 2012. Ayon sa kanila, sadyang sa buwang iyon magugunaw na ang mundo natin. At nagpareserba na raw ng tiket ang noo'y kakasaling prinsipe ng Europa kasabay ng pagpareserba ng tiket ng isang pangulo sa isang bansa sa Amerika Latina.

Samantala, labas sa mundo ng internet, lalo na sa bansang binago na ang palayaw tungo sa PH, iba't ibang usap-usapan din ang maririnig. At katulad ng iba pang pangyayari kung saan may trahedya, naalala ng karamihan ang kani-kanilang mga diyos.

"Diyos ko pong mahahabagin!" wika ng isang matandang babae na araw-araw nagdadasal sa simbahan ng Quiapo upang ipagdasal ang mga hiling ng mga tamad magdasal kung kaya nanunuhol na lang ng magdadasal. Sa nakarinig, iyon ay pagmamakaawa dahil nga posibleng dumating ang tsunami. Walang kaalam-alam ang iba na nagulantang ang matanda dahil noong gabing iyon lamang siya nakahawak ng limpak-limpak na salapi nang may nag-abot sa kanya ng isang hiling lamang na isinulat sa isang maliit na papel subalit nagbayad ng sandaang libong piso. Halos mawalan na ng malay ang matanda nang lumakad na ang taong nakakurbata na nagbigay noon. Sa kanyang pagkataranta, hindi na nabasa ng matanda ang nakasulat sa papel na "Ang Maynilad Motel lamang ang hindi masisira ng tsunami."

Sa ibang banda, nagmamadaling umuwi nang gabing iyon ang isang sugarol na opisyal ng ahensiyang may kinalaman sa pangongolekta sa mga daungan. Nagtaka ang kanyang asawa na nasanay nang alas-singko nang umaga na siya umuuwi.

"Magdasal tayo," wika ng nasabing opisyal habang nakaluhod sa harap ng kanilang altar-altaran kung saan naroroon ang kanilang mga santo na binahayan na ng mga gagamba kasama ng kanyang mga agimat sa sugal. Pumikit pa siya na tila ba taospusong nananalangin. At iyon ang dahilan kung bakit hindi niya nakita ang mukha ng kanyang asawa na noo'y putlang-putla. Sapagkat nang sandaling iyon ay kararating lamang ng binatang siyang sumisiping sa kanyang asawa sa bawat gabing siya'y wala.

"Magsisi na kayo sa inyong mga kasalanan! Lumapit kayo sa Diyos!" wika ng isang mamamahayag ng salita ng Diyos na nag-obertaym pa sa palengke ng gabing iyon. "Ito na ang nasa hula ng kasulatan." At nagsipagsisi na nga sa kanilang mga kasalanan ang karamihan sa mga mahihirap na mamamayan ng lungsod. Subalit silang mga yumaman sa pangangamkam ng pera ng pamahalaan ay nakapag-isip na kung papaano magkapera kung sakaling mangyari man ang kinatatakutan ng lahat. Sapagkat nakasisiguro sila na may mga tulong na darating para sa pamahalaan. Kung kaya sa halip na magsisi, nangarap pa sila na sana nga dumating ang tsunami.

"Pinapaalalahanan ang lahat na maging mapagbantay ngayong gabi dahil posibleng dumating ang tsunami," ayon sa panawagan ng isang ahensiya ng gobyerno. "Nananawagan din kami sa mga nakatira malapit sa mga baybayin na lisanin muna ang kanilang mga bahay upang makaiwas sa panganib. Mas mabuti nang nakasisiguro tayo." At dahil sa balitang iyon, nakakita naman ng pagkakataon ang mga salisi gang upang makapagnakaw sa mga bahay na walang tao.

"Naku, bumili ka na ng gas doy dahil siguradong mawawalan 'to ng kuryente," wika ng isang ulyaning matanda sa isang bundok sa Malaybalay. Tumawa lamang ang batang lalaki na inutusan dahil maliban sa hindi sila kasali sa bibisitahin ng tsunami, lagi naman silang walang kuryente sa kanilang kubo sa paanan ng Kitanglad.

"Huwag kang tumawa diyan doy. Akala mo hindi tayo madadamay rito," sabi ng matanda. "Kung noon nga'y umabot hanggang sa tuktok ng bundok na ito ang tubig, ngayon pa kaya na sinasabing tsunami na iyang darating na iyan." At lalo pang natawa ang kanyang apo. Walang kaalam-alam ang bata na ang sinasabi ng matanda ay iyon pang napakalaking baha noong panahon pa ni Buuy Pigsugdan.

"Naku, hindi naman tayo makakatulog nito," wika ng isang manunulat sa kanyang istatus sa Pestbook, isang social pestering site sa internet, habang pasilip-silip sa kanilang baybayin sa Leyte na isa raw sa posibleng bibisitahin ng tsunami.

At habang nagkakagulo ang lahat, isang tao naman ang payapang nakatayo sa isang bato sa harap ng Manila Bay mga isang daang dipa mula sa puwesto kung saan binaril noon ang isang manunulat na sumulat ng mga kuwentong parang durog na siling Bisaya na inilagay sa puwet ng mga prayleng Kastila. Walang kaalam-alam ang taong nakatayo na sa katulad na oras at araw noon, ang manunulat na binaril isang daang dipa mula sa batong iyon, ay tumayo rin sa batong iyon. At katulad noong gabing tumayo roon ang taong binaril, wala ring ibang nasa paligid maliban sa mga alon na patuloy sa paghampas sa sementadong pilapil. Lalong lumalakas noon ang paghampas ng mga alon habang lumalalim ang gabi.

Mga ilang daang dipa naman mula sa taong iyon, may isang reporter ng isang pambansang pahayagan na nag-aabang sa tsunami. Nakahanda na ang kanyang motorsiklo na patatakbuhin kaagad niya palayo kung sakali mang tototohanin ng tsunami ang kanyang banta. Alam niya na dahil sa takot ng ibang reporter na gaya niya, siya lamang ang magkakaroon ng scoop sa balitang iyon. Kung kaya sadyang mapagmatyag ang kanyang mga mata habang nakatingin sa dako ng dagat.

Sa kanyang pagmamasid, namataan niya ang isang taong mag-isang nakatayo sa isang bato sa harap ng dagat na nagsisimula nang maging maingay. Tila awtomatiko niyang itinuon doon ang kanyang kamera. Sinukat-sukat niya ang magandang anggulo dahil malabo na ang ilaw sa bandang iyon kung saan naroon ang taong nakatayo. At nang makita niya na tila dumidipa-dipa ang taong iyon, nakaramdam siya ng kaba.

"Aba, magpapatiwakal pa yata ang taong iyon aba," wika niya sa sarili. "Tatalon kaya siya o katulad ko na naghihintay sa tsunami?" Dahan-dahan siyang lumakad palapit sa kinaroroonan ng nasabing tao. Nang malapit-lapit na siya, narinig niya na parang nagsasalita ang nasabing tao. Binilisan pa niya ang paglapit upang makita ang ginagawa ng tao at marinig nang buo ang sinasabi niyon.

"*Sal-awa nu su tagpulalaguy ha mga balod hu alagasi ha tagpaynaen dini! Higloka nu su bis-ay dan daw hari un makauma din ta baybay*! (Salubungin mo ang higanteng mga alon na papunta rito! Higupin mo ang lahat ng lakas nila nang hindi na sila makarating sa mga baybayin!)" iyon ang sigaw ng tao habang tila sumasayaw at hinihimas-himas ang dagat sa kanyang mga kamay.

Nagtaka ang reporter dahil wala siyang naintindihan sa mga salitang iyon. Ngunit ang kanyang pagtataka ay nahalinhan ng matinding takot nang makita niya ang higanteng alon na sadyang sobrang laki at nakadungaw sa taong nagsasalita. Sa takot ng reporter, hindi na niya namalayan ang init ng kanyang ihi na bumasa sa kanyang salawal. Ang naisip na lamang niya ang pagsisisi kung bakit pa siya lumapit doon. At ang sunod niyang naisip ay ang pagsisisi sa kanyang mga kasalanan sapagkat nakasisiguro siya na iyon na ang kanyang katapusan. Kung kaya, ipinikit na lamang niya ang kanyang mga mata.

Ngunit nang matapos na siya sa pagsisisi sa kanyang mga kasalanan, nagtaka siya dahil tila wala namang nangyari. Ang inaantabayanan niyang pagkabasa ng kanyang balat sa tubig-alat ay hindi pa nangyayari. Hinintay rin sana niya na maramdamang sumasakay siya sa malaking alon dahil baka sumabit pa siya sa bintana ng isa sa mga hotel. Ngunit dahil hindi niya iyon naramdaman, pumasok sa isip niya na baka patay na siya. Kamakailan lamang ay nabasa niya na ang katawan ng tao ay mayroong awtomatikong swits kapag namamatay. At kung kaya sa oras ng kamatayan ay walang sakit na nararamdaman ang katawan ng tao.

"Ano kaya ito? Patay na ba ako?" tanong niya sa sarili. At sa sandaling iyon ay ibinukas niya ang kanyang mga mata. Kinusot-kusot pa niya ang kanyang mga mata upang makasiguro na hindi siya nananaginip.

Nakita na lamang ng reporter na lumakad na palayo ang taong nakita niyang nakatayo kanina sa bato. At sa kanyang lubhang pagtataka, nakita niya ang isang napakalaking alon na mabilis pumalaot.

Hindi naintindihan ng reporter na inutusan ng hindi kilalang tao ang malaking alon upang sagupain ang tsunami sa gitna ng laot upang hindi na makapagdulot pa ng pinsala. At ang hindi kilalang tao na iyon ay kaagad na lumakad palayo sapagkat kinabukasan ay babalik na siya sa isla ng Mindanaw kung saan naghihintay na sa kanya ang maraming mga bagay.

## II. ANG TAGAPAGMANA

"Ngayon na ang oras ng pagpapasya." Umalingawngaw iyon sa isipan ni Vincenzo "Vincent" Makaindan Saluyong isang gabi. Nang gabing iyon, tila maitim na tela ang dilim na nakakumot sa katahimikan ng paligid. Habang pinagmamasdan niya ang mga bituin ni *Magbangal (*ang konstelasyong Orion), noon lamang niya naunawaan ang maraming bagay hinggil sa kanyang misyon sa mundong ibabaw. At sa sandaling iyon, tila mayroong halimaw mula sa kanyang kaibuturan na nais kumawala.

"Lugong ha kinalabaw!" nangingibabaw sa sigaw ni Vincent ang lahat na galit at poot ng kanilang lahi laban sa lahat na may kaugnayan sa pagpapahirap sa kanila.

"Lugong ha kinalabaw!" tila naglalagablab na apoy ang kanyang sigaw. Iyon ay apoy ng poot na nais gawing abo ang lahat na may pananagutan sa harap ng mga Higaonon.

"Lugong ha kinalabaw!" sigaw niyang pangatlo. At sa sandaling iyon, lumutang sa kanyang balintataw ang mga mukha ng mga lider ng mga katutubo sa Mindanao na isa-isang pinagpapaslang ng mga ganid na mayayamang nais magpatuloy sa pangangamkam sa pulot at tamis ng islang ipinagkaloob ng mga *tumanud* at mga *tagbaya* sa salinlahi ni Buuy Pigsugdan.

Tila mga alingawngaw ng agung sa tainga ni Vincent ang bawat balita hinggil sa mga pangyayari sa nakaraang ilang taon. Sa Samboangan, isang *timuay* ng mga Subanon kasama ang kanyang anak na binata ang tinambangan ng mga armadong kalalakihan na binayaran ng mga nais maghukay ng ginto sa banal na bundok ng mga katutubo. Sa Tampakan, niratrat ang isang kubo kung saan mahimbing na natutulog ang isang ina kasama ang kanyang mga anak. Iyon ay dahil tumutol ang kanyang asawa sa pagpasok ng isang kompanya na nais ring maghukay ng ginto. Sa

Odyongan, isang lider ng mga magsasakang Higaonon ang binaril sa ulo dahil nais niyang bawiin ang kanilang lupain. Sa Kalagangan, isang datu ng mga Manobo ang pinatay dahil tumutol sa pagpasok ng kompanya ng pagmimina. Sa Dabaw, isang matandang datu ang patuloy na nagtatago dahil laging hinahanap ng armadong grupo na sinuhulan upang patayin ang lahat ng lider katutubo na tumututol sa pagpasok ng mga kompanya ng pagmimina.

"Lugong ha kinalabaw!" muling sigaw ni Vincent. Tila kidlat ang talim ng kanyang poot na nais tumagpas sa lahat na may kaugnayan sa pagpapahirap sa mga gaya niyang katutubo.

"Lugong ha kinalabaw!" sigaw ni Vincent para kay Uto Suminaw, ang kanyang pinsan na pinatay nang tangkain nilang bawiin ang kanilang lupain sa kapatagan ng Kilalum na inagaw ng isang lokal na opisyal ng pamahalaan.

"Lugong ha kinalabaw!" sigaw niya para sa kanyang Abang Mandasang na binaril sa harap mismo ng kanyang bahay ng hindi kilalang kalalakihan matapos mangulo sa pagbawi sa kanilang lupain sa Kiopolan na ginawang minahan ng isang multinasyonal na kompanya sa pagmimina.

"Lugong ha kinalabaw!" sigaw ni Vincent para kay Manoy Remus, ang ama na hindi na niya nakilala. At nanariwa sa kanyang alaala ang araw na nadatnan niyang humahagulhol ang kanyang ina habang nakikinig sa balita sa radyo hinggil sa malaking engkuwentro sa pagitan ng mga sundalo't pulis laban sa mga tinaguriang rebeldeng Higaonon.

"Lugong ha kinalabaw!" pampitong sigaw ni Vincent. At iyon ay para kay Almira, ang kanyang ina na nadamay nang pagbabarilin si Abang Mandasang. Iyon ang pinakamalakas niyang sigaw. At sa sandaling iyon, naramdaman niya ang hindi pangkaraniwang init na nanunulay sa lahat ng hibla ng kanyang buong katawan.

***

Libo-libong pamumunga na ng mga punong katii at pamumukadkad ng mga punong naga ang lumipas mula noong araw na makamtan ni Buuy Pigsugdan (ang ama ng lahat na katutubo ng Mindanaw) ang kapangyarihang maging panginoon ng katubigan. Sa bawat pagpanaw ng matatanda na siyang nagmana sa kapangyarihang iyon, walang ibang makakaalam sa bagay na iyon kundi sila lamang na pinamamanahan ng kapangyarihang iyon. Magiging ganoon ang kalakaran hanggang sa dumating ang araw na isisilang ang taong kikilalanin bilang "Ang Panginoon ng mga Alon". At sabi, ang taong iyon na walang puyo, ang siyang magtatayong muli sa dakilang Walu Talugan sa Talugan ta Tagolowan.

Kaya sa loob ng mahabang panahon, iilan lamang talaga ang nakakaalam kung ano ang nangyari sa itim na bato na siyang palatandaan ng kapangyarihang utusan ang katubigan. Sa loob ng hindi na mabilang na pamumukadkad ng mga olayan at pamumunga ng mga katii, mahimbing na natutulog ang kapangyarihang siyang dahilan kung bakit madali lamang noon para sa lahi ni Buuy Pigsugdan ang pagtawid-tawid sa karagatan kahit pa hanggang sa banuwa ng mga may singkit na mata o kaya hanggang doon sa islang tila patak ng luha kung saan nanggaling noon ang misyonerong si Mampur.

Ngunit nang magsimulang magdeliryo ang pitong kaluluwa ng taong binansagang Remus "Manoy Remus" Makaindan, naalala ng makapangyarihang Bulalakaw, ang diyos ng katubigan, ang kanyang pangako kay Buuy Pigsugdan na gagawin niyang dakila ang lahi ng patriyarka ng lahat na katutubo ng Mindanaw. At kung kaya, isang araw, sa kanyang paglalagalag ay nakilala ni Manoy Remus ang babaeng siyang magiging ina ng tagapagmana sa pamanang kapangyarihan ni Buuy Pigsugdan.

***

"Ngayon na ang oras ng pagpapasya!" umalingawngaw na naman iyon sa isipan ni Vincent matapos siyang magsaut. Buo na ang kanyang pasya. Malinaw na sa kanyang isip ang kanyang totoong pagkatao. Malinaw na sa kanyang isip ang kanilang totoong pagkasila bilang salinlahi ni Buuy Pigsugdan. At para sa kanya, dumating na ang panahon na kanilang babawiin ang buong isla na siyang lupaing pamana ng kanilang mga ninuno na siyang nagbigay ng pangalan ng islang Mindanaw.

"Amin danaw dini!" iyon ang salaysay noon ni Abang Mandasang kay Vincent kung bakit Mindanaw ang pangalan ng isla. Ang mga salitang iyon ay nangangahulugang "may tubig" sa islang iyon sa gitna ng matinding tagtuyot sa buong mundo.

Habang naglalakad si Vincent sa gitna ng patuloy na buhos ng ulan, naisip niya ang mga pangyayari sa kanyang buhay sa loob ng mga nagdaang taon. At ang kanyang pag-alala ay nagsimula sa araw na dumating sa kanilang bahay ang baylan ng mga Higaonon na kilala sa bansag na Apu "Maya" Kinamaya.

***

"Tuloy po. Tuloy po kayo Apu Maya," wika ng ina ni Vincent isang umaga. Nagmadali siyang sumalubong sa kanyang lolo at nagmano.

Nagpakulo kaagad ang ina ng kape na kakabayo lang sa umagang iyon. Nanuot sa buong kabahayan ang bango ng kape. Nanuot iyon kahit sa isip ng baylan habang

inihahanda niya sa lamesa ang kanyang nganga. Ang lagayan ng kanyang nganga ay gawa sa tanso at may mga ukit pa na disenyo na simbolo ng baylan ng Tagolowan. Ang lagayang iyon ay sinasabing regalo mula sa Sultan ng Mahindanaw para ka Buuy Uto Lumbayaw.

"Napapasyal yata kayo Apu? Wala nga pala si Tatay dahil maagang bumaba sa bayan upang ibenta ang mga saging," wika ng ina ni Vincent na pinangalanang Almira.

Sa likod ng isipan ni Almira, nakaramdam siya ng kaba dahil alam niyang ang pagdating ng kanyang lolo ay may kaugnayan na naman sa mga kilusan ng mga Higaonon. Kinalakhan na niyang marinig ang mga pag-uusap ng kanyang ama at ng kanyang lolo hinggil sa sinasabing muling pagtatatag ng Walu Talugan sa Talugan ta Tagolowan. Bihira lamang makadalaw ang matandang iyon sa kanila sapagkat doon ito naglalagi sa kanilang lupain sa Tagolowan.

"Narito ako dahil handa nang bumuhos ang *sakuru* sa langit," wika ng matandang binansagang Apu Maya. Tila mga tuyong hibla ng abaka ang kanyang buhok at balbas. Ngunit sa gitna ng kanyang pagiging matanda, kitang-kita ang liksi ng kanyang mga matang buhay na buhay.

"Apu, mahihiya sana akong umamin, pero hindi ko maintindihan ang iyong mga sinabi," wika ni Almira na nagtaka sa mga sinabi ng matandang baylan.

"Huwag ka nang magtaka dahil kaming matatanda ay ganito talaga magsalita. Ngunit magandang malaman mo na nang magkaisa ang Olinan at Bulalakaw sa iyong dugo, sadyang sumapi ang Bulalakaw sa unang bunga na ipinagkaloob sa iyong sinapupunan," wika ni Apu Maya. "Naririto ako ngayon dahil ibibigay ko ang totoong pangalan ng iyong anak."

"Ano po ang ibig ninyong sabihin Apu?" tanong ni Almira habang hinahalo ang kapeng kanyang tinimplahan. Kinabahan siya. Naisip niya si Manoy Remus, ang ama ng kanyang anak, na hanggang sa mga panahong iyon ay hindi pa alam na mayroon silang anak.

"Kami na lang ng iyong anak ang mag-uusap tungkol sa mga bagay na ito," sagot ng matanda. "Sadyang may mga bagay sa ating lahi na ang kailangan lamang makakaalam ay sila na pagkakaloobang malaman ang mga ganoong bagay."

Lalo pang nabahala si Almira nang marinig iyon. Ayaw niyang maugnay ang kanyang anak sa mga kilusang Higaonon. Ayaw niyang ang kanyang anak ay magiging kagaya ni Manoy Remus na sumama na sa mga tagabundok. Ni hindi na nga siya dinalaw mula nang ito'y umalis. At tila walang pakialam kahit na nagbunga ang ilang panahon nilang pagsasama.

"Kailan po ba kayo lalakad Apu?" tanong muli ni Almira habang dahan-dahang ipinatong sa mesa ang kape para sa kanyang lolo.

"Bukas nang umaga," sagot ng matanda na bahagyang yumukod upang magpasalamat sa kapeng inihain. "Hihintayin ko muna ang ama mo."

Kinagabihan noon, hindi kaagad dinalaw ng antok si Almira. Kaya narinig niya ang mga pag-uusap ng kanyang ama at ni Apu Maya. Narinig na naman niya ang hinggil sa mga kaguluhan sapagkat nakipag-alyansa na ang iba nilang mga kamag-anak sa mga sinasabing "mga walang sapatos" o ang mga armadong makakaliwa. Na nakapagpasya na si Apu Maya na ikalat ang kanilang panawagan sa bagong pakikidigma ng kanilang tribu. At narinig na naman ni Almira ang hinggil sa mga hula ng kanilang mga ninuno. Na darating ang araw na isisilang ng kanilang lahi ang sinasabing *Ang Panginoon ng mga Alon* na siyang magtatayong muli ng Talugan ta Tagolowan.

Sa patuloy na pakikinig ni Almira sa pag-uusap ng kanyang ama at ng kanyang lolo, hindi na niya namalayang dahan-dahan nang sumapi sa kanyang kamalayan ang isang panaginip. Nagisnan na lamang niyang nasa loob na siya ng panaginip kung saan nakita niya ang isang binatang kahawig ni Manoy Remus. Itinaas ng binatang iyon ang kanyang mga kamay patungo sa dagat kung saan may bumangong isang higanteng alon. Iyon ang huling larawan na tumatak sa isip ni Almira bago siya ipailanlang ng antok. Hindi niya alam na makalipas ang ilang taon mula sa sandaling iyon, ang mukhang kanyang nakita ang siyang magiging mukha ng kanyang anak. At hindi na talaga niya malalaman sapagkat siya ay papanaw na sa kabilang mundo sa panahong magkakatotoo ang panaginip na iyon.

"Hindi na kami magtatagal," wika ni Apu Maya nang lumabas mula sa silid si Almira kinaumagahan.

Hindi alam ni Almira kung ano ang kanyang sasabihin sa mga sandaling iyon. Kinawayan niya ang kanyang anak upang lumapit sa kanya.

"Magpakabait ka ha," wika ni Almira at niyakap nang mahigpit ang kanyang anak. Hinaplos-haplos nito ang tuktok ng ulo ng bata kung saan magkakadatig ang tatlong puyo. At sa sandaling iyon naramdaman ng ina ang bagay na kanyang kinatatakutan. Tila nakikinita niya sa malayong hinaharap na ang kanyang anak ay magiging kagaya ng mga nauna nang kalalakihan ng kanilang lahi. Na ang kanyang anak ay magiging kagaya ni Manoy Remus at sa kanyang mga pinsan na mga namundok. At alam niyang wala siyang magagawa sapagkat tila nakatakda nang mangyari ang ganoon sa kanilang lahi. Hindi niya napigilan ang pagdaloy ng saganang luha sa kanyang mga pisngi.

Tahimik lamang na sumunod ang bata sa matandang baylan. Hindi alam ng bata kung ano ang nangyayari at kung bakit kailangan niyang sumama kay Apu Maya. Nagtaka rin siya kung bakit umiyak ang kanyang ina. Ang alam lamang niya ay bibigyan raw siya ng totoong pangalan.

Makalipas ang isang oras na paglalakad, nakarating sila sa isang patag kung saan mayroong napakalagong puno ng olayan. Sa ilalim ng punong iyon may dalawang malalaking kabayo na nakasuga. Ang isang kabayo ay itim at isa naman ay puti. May renda na ang mga kabayong iyon at handa nang sakyan.

"Ang mga kabayo ni Abang!" masiglang wika ng bata. Nakita na naman niya ang mga kabayo ng kanyang tiyuhin.

"Sakyan mo iyang isa," wika ng baylan nang lumulan ito sa puting kabayo. Nakita niyang nakangiti ang bata na dali-daling sumakay sa itim na kabayo.

Ilang oras din silang nakalulan sa kabayo bago nila marating ang isang magubat na lugar na nakadungaw sa isang baybayin. Ang lugar na iyon ay bahagi ng lupain noon ni Agyu. Huminto sila nang makarating sila sa isang kubol sa ilalim ng isang puno ng andalugong.

Matapos maisuga ang mga kabayo, nagpatuloy sila sa paglalakad. Umahon sila sa isang maliit na burol hanggang makarating sa gilid ng isang sapa. Sa ibabaw ng isang malapad na bato ay nakahanda na ang makukulay na mga damit-katutubo.

"Tayo ay magsiligo muna sapagkat ang lupain sa tawid ng sapang ito ay lupaing banal," wika ng baylan.

Tahimik lamang na sumunod ang bata sa utos ng matanda. Matapos nilang maligo, sinenyasan siya ng matanda na isuot ang *pinaksuy* na nakahanda para sa kanya. Isinuot naman ng baylan ang kanyang *pinaksuy* bilang isang baylan.

Matapos iyon, tumawid sila sa sapa. Ilang saglit lamang ay nakita na nila ang malaking hawan na inihanda para sa isang ritwal. Nakabakod ang hawan na iyon at mayroon itong pitong lagusan. Sa gitna ng hawan na iyon nakatayo ang isang *bangkasu* sa harap ng isang malaking bato na sadyang napakakinis at maitim na maitim. Doon nakita ng bata ang kanyang lolo na naghahanda ng mga upuang bato sa harap ng *bangkasu*. Nakita rin ng bata na may mga tao ring nangakatalungko sa kaliwa at kanang bahagi ng malaking hawan. At ang mga taong iyon ay nangakasuot ng mga damit na noon lamang niya nakita. Hindi nga niya kaagad nakilala ang kanyang Abang Mandasang na nakasuot naman ng *pinaksuy* ng isang bagani.

"Pagmasdan mong mabuti Uto itong pitong lagusan. Itanim ngayon sa iyong puso ang nais ipahiwatig ng pitong dakilang aral mula sa mga *tumanud*. 'Pagkat ngayon ay ipakikilala ka namin sa mga *tumanud* ng hilaga, timog, kanluran at silangan. 'Pagkat ngayon ay ipakikilala ka namin sa mga *tumanud* ng lupa, tubig at hangin. 'Pagkat ngayon ay madadagdagan ang lakas ng iyong atay ngayong ituturo namin sa iyo na ang pitong ito ay siya na ring walo. 'Pagkat ang pitong lagusang ito ay iisang lagusan lamang. Na ang lahat nang ito ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng *tumanud* ng dakilang apoy kung saan nagmumula ang lahat ng hininga," wika ng baylan.

Matapos iyon ay pumasok sila sa pinakagitnang lagusan na sinasabing siyang lagusan ng lupa. Tumuloy sila hanggang sa harap ng *bangkasu* kung saan nakahanda ang pitong manok para sa ritwal. Tahimik lamang ang matandang baylan habang inihahanda ang kanyang mga gagamitin sa ritwal. Nang maihanda na ang lahat, tinambol ng baylan nang pitong beses ang hawak niyang agung. Matapos iyon ay umupo siya sa harap ng *bangkasu*. Sinenyasan ng baylan ang bata na siya ay maupo sa kanyang kanan. Habang ang lolo ng bata ay nakatayo sa harap ng pinakagitnang lagusan. At ang anim pang lagusan ay binantayan naman ng anim din na bagani at isa na roon si Abang Mandasang.

Nang handa na ang lahat ng bagani sa lagusang nakatakda nilang bantayan, itinambol muli ng baylan ang agung nang pitong beses. Matapos iyon, tumayo ang baylan at nagsimula na sa kanyang *panawagtawag*. Inanyayahan ng baylan ang makapangyarihang mga nilalang na kinikilala nila bilang panginoon ng iba't ibang bahagi ng kalikasan. Inanyayahan niya ang lahat nilang mga *tumanud* upang dumalo sa pagkakaloob kay Vincent sa kanyang totoong pangalan.

Paglipas nang ilang sandali, pitong beses na namang tinambol ng baylan ang kanyang agung. Nagpatuloy na naman siya sa kanyang *panawagtawag*. Nakinig lamang ang bata sa mga sinasabi ng baylan na wala siyang naiintindihan. Matapos ang *panawagtawag* ng baylan, tinambol na naman niya nang pitong beses ang kanyang agung. At sa sandaling iyon, sunod-sunod na nagsidatingan ang pito katao. Narinig niyang bumibigkas ng mga *dasang* ang nagsidating nang makalapit na sila sa mga lagusan. Narinig din niya na bumibigkas ng *dasang* ang kanyang lolo bilang sagot sa *dasang* ng mga nagsidating.

Sa paningin ng bata, ang mga taong iyon ay matatanda rin katulad ng kanyang lolo. At katulad ng matandang baylan, sila ay nakasuot ng mga damit ng lumang kapanahunan. Nakita ng bata na hindi pa kailanman siya nakakita ng ganoong uri ng mga damit. Malinaw sa paningin niya ang malalim na pagkabughaw, ang nagliliwanag na pagkapula, ang kumikislap na pagkaputi, at ang nakapangdidilim na itim sa mga telang ginamit sa kanilang damit. Sa kanilang mga damit ay may mga larawang hindi kailanman nakita ng bata. Tila biglang nabuhay sa kanyang paningin ang mga kuwento na kanyang narinig mula sa kanyang lolo tungkol sa mga tao at pangyayari sa lumang kapanahunan.

"Ikaw na kamay ni Buuy Agyu, dito ka sa aking kaliwa. Ikaw na buto ni Buuy Mansumagpang, dito ka sa aking kanan. Ikaw na dugo ni Buuy Mambulalakaw, dito ka sa aking likuran. Magsiupo na kayo at nang tayo'y makapagpatuloy," wika ng baylan sa salitang Higaonon. At patuloy na nangusap ang baylan hanggang sa mabuo ng kanilang pagkakaupo ang pagkakaayos ng mga bituin ng dakilang *sakuru*

na hanggang ngayon ay makikita sa kalangitan at kinilala ng mga dayuhan bilang konstelasyong Big Dipper.

"Ngayon ay tumayo ka na Uto 'pagkat ipakikilala ko ang iyong mukha sa mga *tumanud* at mga *tagbaya*," wika ni Apu Maya. At sa kanyang pagtayo, iniharap siya at pinayukod sa apat na pangunahing direksiyon upang makilala siya ng makapangyarihang mga *tagbaya* na siyang binigyang kapangyarihan na bantayan ang apat na direksiyon ng mundo. Matapos iyon ay pitong beses siyang pinayukod sa harap ng pitong hindi nakikitang mga makapangyarihang mga *tagbaya* na siyang panginoon ng sinasabi ng baylan na pitong bahagi ng kalikasan.

"Mula ngayon, sa mata ng ating lahi, at sa mata ng mga *tagbaya* at mga *tumanud* ng ating lahi, kikilalanin ka bilang si Inolinan Bulalakaw Makaindan. 'Pagkat ikaw ang tagapagmana sa pamana ni Buuy Pigsugdan na siyang ama ng maraming salinlahi ng islang ito."

"Ikaw ang pinagkalooban na maging panginoon ng katubigan," pagpapatuloy ni Apu Maya. "At iyan ang dahilan kung bakit ikaw ay tinawag na si Inolinan Bulalakaw. Sa iyo ipinagkaloob ng *tagbaya* ng tubig ang kanyang kapangyarihan sa pag-utos sa katubigan. At dahil ang mga mata mo'y makakakita ng mga bagay na mangyayari sa hinaharap, ikaw ay binansagan ding Makaindan."

"At kayo na naririto ngayon, na saksi sa mga bagay na ito, tandaan ninyong siya na ngayon ay binigyang pangalan ng mga *tumanud* at mga *tagbaya*. Sapagkat malapit nang maitayong muli ang dakilang Talugan ta Tagolowan," wika ng baylan.

At matapos iyon, isa-isang nagsipagsalita ang matatandang saksi sa ritwal na iyon. Sila ang mga pinuno ng walong *talugan* ng isla. Hindi alam ng karamihan na nagpapatuloy ang Walu Talugan hanggang sa modernong panahon. At ang nakakaalam lamang sa bagay na iyon ay sila na nasa lahi ng mga datu at bae na noon ay nanumpa sa harap ni Datu Mambulalakaw na kanilang ipagtatanggol ang dakilang pamana para sa darating pa nilang mga salinlahi.

Matapos basbasan si Vincent ng matatanda, tinambol na naman nang pitong beses ang agung.

## III. ANG MAMAMALAKAYA

Para kay Abang Mandasang, lumipas na ang panahon ng direktang pakikipaglaban sa mga kaaway ng mga Higaonon at iba pang tribu ng Mindanaw. Sa kanyang tingin, mahirap nang kilalanin kung sino ang kaaway at sino ang hindi. At dumating na ang panahon na hindi na nila mababawi ang kanilang mga lupaing inangkin na ng mga Dumagat na nagmula sa Kabisayaan at sa Luzon. Sapagkat ang salinlahi ng mga umagaw sa kanilang mga lupain ay dumami na sa gitna ng matatabang lupaing kanila

nang inari. At silang mga Dumagat na ipinanganak sa isla ay itinuturing na rin nila ang kanilang sarili bilang mga taal na taga-Mindanaw. At sa kanilang isipan, sila rin ay may karapatan na sa lupain ng isla na inisip na rin nila bilang kanilang pamana.

“Bakit, nalimutan na ba nila ang mga krimen ng kanilang mga magulang laban sa atin? Nalimutan na nila kung paano inagaw ng kanilang pamahalaan ang ating mga lupain sa pamamagitan lamang ng paggawa ng papel na sila ang may karapatan sa ating mga lupain? At kung sila ay nakalimot na hinggil sa mga bagay na ito, makatwiran bang maisip din nila na pamana din sa kanila ang islang pamana sa atin ng ating mga ninuno?” mga tanong iyon ni Apu Maya kay Abang Mandasang.

Iyon ang dahilan kung bakit, sa gitna ng kanyang pagdadalawang-isip, hindi maiwasan ni Abang Mandasang na makasali sa mga kilusang Higaonon. Lalo na sapagkat ang isa sa mga nangunguna sa ganoong mga kilusan ay ang kanyang lolo, ang baylan na si Apu Kinamaya. Bilang pagtalima sa utos ng kanyang lolo, siya ay tumira sa kanilang lupa sa baybay upang pag-aralan ang paggamit ng dagat sa kanilang kilusan. Hindi niya alam na darating ang araw na ang dagat ang magiging isang malaking larangan ng digmaan para sa mga katutubo ng isla ng Mindanaw.

“Ngunit Kaamayan, ano ang silbi para sa atin ang pag-aaral hinggil sa pangingisda sa panahong ito?” tanong iyon ni Abang Mandasang sa kanyang lolo.

“Malalaman mo rin iyan pagdating ng tamang panahon,” sagot ni Apu Maya habang tila nakikinita ang darating na mga panahon.

Hindi batid ni Abang Mandasang kung kailan ang tamang panahon ayon sa sinabi ng kanyang lolo. Sa kanyang isip, lagi siyang nagtatanong kung kailan darating iyon. At sa panahong iyon, lagi siyang nagtatanong sa kanyang sarili sapagkat iyon ang panahon na dumating sa isla ang malalaking kompanya ng pagmimina ng ginto. At sapagkat ang lahat ng huhukaying ginto ay nakalagak sa mga lupaing ninuno ng mga katutubo, hindi maiiwasang lagi silang nadadamay. Nabalitaan na niya ang mga nangyari sa Samboangan, Kalagangan, at Tampakan. Ang kanyang ipinagtataka ay kung bakit mismong ang mga sundalo ng gobyerno ang nagpapaalis sa kanila sa kanilang mga lupain.

“Uto, hanggang ngayon ba’y hindi mo pa alam na ang gobyerno’y para lamang sa mga dayuhan dito sa ating isla? Na ang gobyernong ito mismo ang nagbigay kapangyarihan sa mga dayuhan upang agawan tayo ng ating mga lupain?” tugon ni Apu Maya nang magtanong si Abang Mandasang. “Ito ang dahilan kung bakit kailangan tayong kumilos. Hindi gobyerno ng mga dayuhan ang magtatanggol sa ating mga karapatan sa islang ito. Kailangang maitatag muli ang Talugan ta Tagolowan.”

At narinig na naman ni Abang Mandasang ang hinggil sa salaysay sa *Ang Panginoon ng mga Alon* na sinasabing siyang magtatatag muli ng lumang Walu

Talugan. Sa mga ganoong pag-uusap, dahan-dahang natutuhan ni Abang Mandasang ang mga aral ni Apu Maya hinggil sa kanilang lahi. Iyon ay bagay na mahirap niyang paniwalaan noon sapagkat maliban sa hindi kapani-paniwala na sa modernong panahon ay may tao pang kayang utusan ang katubigan, naniniwala siyang hindi papayag ang gobyerno na mabawi ng mga katutubo ang kanilang mga lupain.

***

Samantala, matapos ipagkaloob sa kanya ang kanyang tunay na pangalan, bumalik na sa karaniwan ang buhay ni Vincent. Binantayang maigi nang kanyang ina kung mayroon bang magiging pagbabago sa kanyang anak. Subalit makalipas ang isang taon, wala siyang nakitang pagbabago na dapat niyang ikapangamba. Kaya naisip niyang baka kung ano lang iyong mga sinabi noon ng kanyang lolo. Baka bunga lang iyon ng kanyang paniniwala sa makalumang mga bagay, mga bagay na matagal nang kinalimutan ng panahon.

Sadyang kampante na si Almira. Ni hindi na nga niya inusisa ang pagdadahilan ni Vincent na mayroon siyang ginagawa sa eskuwelahan tuwing Sabado. Hindi alam ng ina na tuwing Sabado, sumasama si Vincent sa pangingisda ni Abang Mandasang.

"Huwag mong sabihin kay mama Abang ha," wika ni Vincent sa kapatid ng kanyang ina.

"Akong bahala," sagot ng tiyuhin. "Basta sumama ka lang lagi." Hindi alam ni Vincent ang laking tuwa ng kanyang tiyuhin sa bawat pangingisdang siya ay kasama. Ito ay dahil nakapagtatakang sadyang marami silang nahuhuling isda. Sa unang pagkakataon nga na sumama si Vincent, nanindig ang balahibo sa batok ng kanyang tiyuhin nang makita ang tila sinasadyang paglapit sa kanilang bangka ng makapal na kawan ng mga isdang bangsi.

"Ano ito?" tanong iyon ng kanyang tiyuhin nang sandaling iyon. Sa dami ng nahuli nilang bangsi, muntik pa ngang lumubog ang kanilang bangka.

"Ganito lang pala kadali ang pangingisda Abang?" tanong ni Vincent sa kanyang tiyuhin nang iahon na nila mula sa dagat ang kanilang bangka. Sila ay dumaong malapit sa kalsada upang madali lamang makasakay papunta sa palengke. "Mabuti pang pag-aralan kong mabuti itong pangingisda. Mukhang magkakapera ka ngayon nito Abang."

"Basta sumama ka lang lagi sa akin Dong para turuan kita," sagot ng tiyuhin na sa katotohanan, sa tagal na ng kanyang pagkamangingisda, ay noon lamang nakahuli ng ganoon karaming isda. Kaagad niyang kinawayan ang isang multikab. At nang ikinarga na nila ang mga isda, nagtaka ang drayber ng multikab kung anong klaseng

pangingisda ang kanilang ginamit ’pagkat para silang nakadinamita ng malaking kawan ng bangsi.

“Ano ito noy, nadinamita? Parang namulot lang yata kayo ng isda sa laot a,” biro ng drayber.

“Dinamita ka diyan. Makukulong tayo sa ganyan,” sagot ni Abang Mandasang. “Madaling malaman kung nadinamita ang isda dahil magmumukhang nabugbog. Pero itong aming dala, tingnan mong mabuti. Ayan o, gumagalaw-galaw pa nga ang marami riyan.”

“Oo nga ano?” wika ng drayber. At lalo pa siyang nagtaka. Sapagkat anong klaseng pangingisda ang makakahuli nang ganoon karaming isda sa isang tanghaling tapat?

“Bilisan mo na dong. Sa Puerto tayo nang maubos kaagad ito,” wika ng tiyuhin.

Nang mabenta nang lahat ang kanilang isda, halos hindi makapaniwala ang tiyuhin na kumita sila ng mahigit sa pitong libo.

“Sa iyo ito dong. Huwag mong sasabihin sa nanay mo ha dahil baka hindi ka na niya pasasamahin sa susunod,” wika ng tiyuhin na nag-abot sa kanya ng isang libo.

“Aanhin ko naman ito Abang?” wika ni Vincent.

“Aw, aanhin pa di ipanggala-gala mo,” tugon ng tiyuhin. “Kung may nililigawan ka, ilibre mo ng sine.”

At mula noon, kada Sabado, sumasama na si Vincent sa pangingisda ni Abang Mandasang. Hanggang sa nalaman ng kanyang ina ang lahat na ikinatuwa pa nito.

Samantala, sa isipan ni Abang Mandasang, maraming bagay na ang kanyang naiisip. Mula sa perang kinikita niya sa pagbebenta ng nahuhuli nilang isda, tiyak makakaipon sila ng sapat. At mula sa perang iyon, maari silang maglunsad ng mga pagsasanay para sa mga bagani at makabili ng makabagong mga armas.

Ngunit isang Sabado, nang itinulak na nila ang bangka at handa nang pumalaot, bigla lamang tumigil si Vincent.

“Abang, uuwi na muna ako. Parang masama ang pakiramdam ko,” wika niya.

“Mawawala din yan. Mabilis lang tayo. Punuin lang natin itong limang banyera,” wika ng tiyuhin. “Unang biyahe kasi ito ng ating bagong bangka.”

“Abang, hindi muna ako sasama. Masama talaga ang pakiramdam ko,” wika niya. Pagkatapos ay lumakad na siya palayo.

“Ano ba namang bata ito e ngayon pa inabot ng topak na malaki na itong aming bangka?” wika ng tiyuhin sa sarili.

Ngunit sadyang masama ang pakiramdam ni Vincent nang Sabadong iyon. Hindi niya alam kung bakit ngunit naramdaman niyang kailangan niyang umuwi.

Samantala, tumuloy sa pagpalaot si Abang Mandasang. At nang naroon na siya sa laot, naramdaman niyang tila mas tahimik pa sa Semana Santa. Napagod na

siya sa kakahagis ng kanyang lambat subalit hindi siya nakahuli ni isang butete. Malungkot siyang bumiyahe pauwi habang nakikinig sa kanyang dalang radyo. Kaya narinig niyang mabuti ang balita. Isang malaking engkuwentro ang nangyari sa di kalayuang siyudad. Nakilala ang pinuno ng mga rebelde na si Uto Managkes. At kasama ng taong iyon ang isang balbas-saradong tao na kinilala bilang si Remus Makaindan. At doon naisip ni Abang Mandasang kung bakit sumama ang pakiramdam ni Vincent.

"*Lama ko sa pulo dan, bulawan su hirugaan dan*," usal ni Abang Mandasang para kina Uto Managkes at Manoy Remus. Hindi niya napigilan ang mga luha ng poot na kumawala sa kanyang mga mata. "Sadyang naririto na nga ang panahon ng mga pangayaw."

"Hiay!" iyon lamang ang nasabi ni Abang Mandasang nang tila may silahis ng liwanag na pumasok sa kanyang isip hinggil sa salaysay ng *Ang Panginoon ng mga Alon*. Noon lamang niya naunawaan na ang kakaibang kakayahan ng kanyang pamangkin ay katulad ng kapangyarihan ng taong matagal na nilang hinihintay. At doon lamang niya naisip kung bakit siya inutusan ng kanyang lolo na laging isama si Vincent sa pangingisda.

***

Sa kanyang pag-uwi, naabutan ni Vincent na humahagulhol ang kanyang ina habang nakayakap sa radyo. Nagtaka si Vincent kung bakit umiiyak ang kanyang ina. Sa kanyang pagtataka, hindi na niya naisip na magtanong pa.

"Mangako ka sa akin na hindi ka na sasama sa pangingisda ha," wika ni Almira. Nang mga sandaling iyon, tila mga tambol ng agung ang mga balita sa radyo na umalingawngaw sa isipan niya. May isang malaking engkuwentro sa isang malaking siyudad kung saan maraming rebelde ang namatay. Iba't iba ang mga balita. Ang sabi mga NPA raw. Ang sabi naman ng iba, isang lost command. At may mga nagsasabi naman na iyon ay mga Higaonon na nais bawiin ang kanilang mga lupain.

Tumango lamang si Vincent sa sinabi ng kanyang ina. Hindi niya alam na ang kanyang ama ang isa sa mga sinasabing napatay sa engkuwentro sa pagitan ng mga puwersa ng pamahalaan at mga sinasabing rebelde. Dahil sa kanyang pangako, hindi na sumama pa si Vincent sa pangingisda mula sa araw na iyon. Binalik-balikan siya ng kanyang tiyuhin subalit ayaw na niyang sumama.

"Bayaan mo na siya 'pagkat hindi pa ngayon ang panahon na magigising ang kapangyarihang nasa kanya," wika ni Apu Maya nang humingi sa kanya ng payo si Abang Mandasang. "Hindi na rin magtatagal at darating na ang panahon ng *Panginoon ng mga Alon*. Siya na hinihintay nating lahat."

***

Dahil sa nangyari kay Manoy Remus, bumalik na naman ang pagkabahala ni Almira. Nagdadalawang-isip siya kung sasabihin ba niya ang totoo sa kanyang anak.

"Ano ka ba? Bakit ayaw mong sabihin ang totoo sa iyong anak?" wika ng ama ni Almira. "Karapatan niyang malaman ang katotohanan dahil kahit ano pa ang dahilan mo, si Remus ang kanyang ama."

Ngunit lalong nagdalawang-isip si Almira. At kaya nang makatanggap sila ng sulat mula sa isang pambansang unibersidad na nakapasa doon si Vincent, nakapagpasya na siyang palargahin kaagad papuntang pambansang kabisera ang kanyang anak.

Nang malapit na ang alis ni Vincent, naghanda si Almira ng maliit na salusalo. Dumating ang karamihan sa mga kaibigan ni Vincent lalo na ang mga babae. Doon nakita ni Almira na lapitin ng babae ang kanyang anak. Nang sabihin ni Vincent sa kanila na siya ay aalis na papuntang Maynila, nakita ng ina na namula ang mga mata ng mga babae. Niyakap-yakap na nila si Vincent. At kaya naisip ng ina na bago aalis ang kanyang anak ay pagsasabihan niya ito tungkol sa mga babae. Ayaw niyang magkakaroon ng balakid sa pag-aaral ng kanyang anak. Iyon ay dahil nais niyang maging doktor ang kaisa-isa niyang anak.

## V. ANG BIYAHE PAPUNTA SA PAMBANSANG KABISERA

"Mag-ingat ka," wika ni Almira nang gabing paakyat na si Vincent sa barkong magdadala sa kanya sa Maynila. "Tinawagan ko na si Teresa. Sasalubungin ka niya sa piyer." Si Teresa ang pinsan ni Vincent na nagtatrabaho sa isang pagawaan ng sapatos sa Marikina.

"Huwag kayong mag-alala Nay Mira. Ako nang bahala," wika ni Vincent.

"Huwag kang mahihiya sa Manang Tere mo," wika ng kanyang tiyuhin. "Sinabihan ko na siya na alagaan ka roon."

"A, para namang bata at kailangan pang alagaan," wika ni Vincent.

"Hoy, lumalabas na naman yang pagkaaktor mo. Huwag na huwag kang magpapabaya lalo na sa iyong pagkain. Mahirap iyong nalilipasan ng gutom lalo na kapag nag-aaral," wika ng ina.

At nagpatuloy na ang pagsesermon ni Almira. Nabanggit pa iyong kamag-anak nila na nag-aral sa Cebu ngunit nabaliw umano dahil nalipasan ng gutom. Naisama pa kahit iyong nabuntis na anak ng kanyang suking bilihan ng ipot ng manok, at iyong napabalitang estudyanteng nabundol sa may QC Circle, at kahit iyong mga naanod sa bumabahang estero sa Tondo, at iyong hinoldap sa piyer, kahit iyong mga nahuling

mga adik-adik sa Commonwealth at ang lumang kuwento hinggil sa mga nalinlang pagdating sa piyer na dinala raw sa Cabanatuan at ginawang mga trabahador na tulad ng kalabaw sa mga palayan. Sa dami ng mga pinagsasabi ni Almira, nakalimutan na niya ang pinakamahalagang paalala sa kanyang listahan—ang pag-iwas sa mga babae.

Nasa itaas ng barko si Vincent nang magsimula itong umusad palayo sa daungan ng Makabalan. At habang lumalayo ang barko, noon lamang naramdaman ni Vincent na may nangyayari sa kanya. Hindi niya alam kung ano iyon. Ngunit naramdaman niyang tila umaapoy ang kanyang dugo kung kaya uminit ang kanyang mga tainga. Magaang-magaan ang kanyang pakiramdam. At habang siya ay nakatitig sa dilim ng karagatan, pumasok sa isip niya ang hulagway ng isang dalagang nakasuot ng kasuotang kagaya ng suot-suot ng mga taong pumunta noong siya ay binigyan ng kanyang pangalan. Nagtaka siya sapagkat parang nakita na niya ang mukhang iyon.

***

Nang dumaong ang barko sa Cebu, mayroong ilang dagdag na pasahero ang lumulan sa barko. Matapos iyon, nagpatuloy ang kanilang biyahe patungong Maynila. Umaga iyon nang makita nila ang isla ng Negros. Nalaman niya iyon mula sa kuwentuhan ng mga pasahero.

Umakyat sa taas ng barko si Vincent upang makita ang mga tanawin. At habang siya ay nakatingin sa dagat, nakita niya na mayroong ilang bangsi na nagmamadaling tumalilis upang hindi mabangga ng barko. At naisip niyang maganda yatang makita ang maraming bangsi na sabay-sabay sa pagtalon mula sa tubig. Ginalaw-galaw pa niya ang kanyang mga daliri upang mabuo sa isip ang eksenang nais makita. Laking pagtataka niya nang makita niya ang malaking kawan ng mga bangsi na sabay-sabay na nagsipagtalunan. Narinig na lamang niya ang sigawan ng mga nakakita noon.

"Aba, masarap yan sa kinilaw!" wika ng isang lalaki.

"Naku, masarap ang sabaw niyan," wika naman ng isang babae.

Nang maghiyawan ang mga tao, isang magandang binibini na lumulan sa Cebu ang nagmamadaling umakyat sa taas ng barko. Kulot ang buhok niya na hanggang balikat. Litaw na litaw ang malusog na pangangatawan.

"Ano iyon?" tanong niya sa iba na nakadungaw sa dagat.

"Naku wala lang. Nakakita lang ng maraming bangsi," sagot ng isang matandang babae.

"A, akala ko dolphins na," wika niya.

Narinig iyon ni Vincent. At naisip niya na maganda ngang makakita ng dolphins. Nabasa niya dati na magandang tingnan ang mga dolphins sa dagat. Ginalaw-galaw

niya ang kanyang mga daliri habang iniisip ang pagtalon ng mga dolphins. At kasabay ng kanyang pagkamangha ay ang hiyawan na naman ng mga tao.

"Dolphins!" sigaw ng mga bata.

"Piktyuran mo 'tay!" sigaw naman ng isang bata.

"Aba, narito lang pala ang mga ito," wika ng magandang dalaga habang patuloy ang pagklik ng kanyang kamera. Ngunit nagtaka siya sapagkat hindi pangkaraniwan iyon. Sapagkat tila may nag-uutos sa mga dolphins kung ano ang kanilang gagawin. Alam na alam niya ang bagay na iyon dahil sa nakaraang taon, siya ay isa sa mga tagapagsanay ng mga dolphins sa isang ocean park sa Singapore.

"Ngunit sino naman ang mag-uutos sa kanila dito e hindi naman ito parke?" wika niya sa sarili. At sa kanyang pag-iisip, gumala ang kanyang paningin. At ilang hakbang lamang mula sa kanyang kinaroroonan ay nakita niya si Vincent na nakangiti habang tila pinaglalaruan ang galaw ng kanyang mga daliri. At ang bawat galaw ng mga daliri ni Vincent ay siya ring ginagawa ng mga dolphins.

"Imposible ito," wika ng namamanghang dalaga. Sapagkat kailan pa nga ba nagkaroon ng taong kayang utusan ang mga dolphins sa dagat sa pamamagitan lamang ng paggalaw ng kanyang mga daliri?

Ngunit ang pag-iisip ng babae ay naputol nang maghiyawan na naman ang mga tao.

"Balyena!" sigaw ng mga tao. At lalo pa silang nagsigawan nang humampas sa dagat ang napakalaking buntot ng balyena.

"Ano ito? Kahit ang balyena kaya niyang utusan?" tanong ng dalaga sa kanyang sarili.

Samantala, tuwang-tuwa si Vincent sa kanyang natuklasan. Wala siyang kamalay-malay na sa mga sandaling iyon ay may mga matang kanina pa nakatitig sa kanya. Nagulat na lang siya nang makita ang ilaw ng kamera na sandaling bumulag sa kanyang mga mata. Nang siya'y tuminging muli, ang nakita niya ay isang magandang dalaga. Lumapit ito sa kanya at nagwika.

"Sori ha. Namangha lang ako sa ginawa mo," wika ng babae. "Nakita ko ang lahat."

"A, a," iyon lamang ang nawika ni Vincent dahil hindi niya alam kung ano ang dapat niyang sabihin.

"Ako nga pala si Melissa," wika ng babae sabay abot ng kanyang kamay upang kamayan si Vincent. "Lisa na lang."

"Vincent. Vincent ko miss," sagot ni Vincent na ang naisip ay ang kanilang lokohan noon na kapag may babaeng makikipagkilala ang sasabihin ay "Totoy, totoy ko miss" na ang ibig sabihin ay "Dede, dedede ako sayo miss."

At hindi malaman ng babae kung ano ang nangyari sapagkat nang lumapat ang

palad ni Vincent sa palad niya, mayroong tila mahinang kuryente na dumaloy roon. Tila may kakaibang init na tumulay sa kanyang mga ugat at dahan-dahang nanulay hanggang sa itinatago at iniingatan niyang mga bahagi ng kanyang katawan. Tila para siyang naiiyak o ano ba habang nakatitig kay Vincent. Habang si Vincent naman ay nagtaka dahil hindi binitawan ng babae ang kanyang kamay. At lalo pa siyang nagtaka nang makita niya ang mukha ng babae na parang nagsusumamo o may kung anong ipinakikiusap. Magtatanong pa sana siya nang maramdaman niyang humigpit ang hawak ng babae sa kanyang kamay at tila ito'y nanginig. Nang sandaling iyon, hindi mapigilan ng babae na tumingkayad habang bahagyang nakabuka ang bibig at nakapikit.

"A, a, miss, so-so-so-sori," wika ni Vincent sa pag-aakalang napahigpit ang paghawak niya sa kamay ng dalaga. Nagtaka na lamang siya dahil tila wala sa sarili ang babae.

"Ay ay ay so-sori," wika ng babae nang mahimasmasan siya. Namula ang kanyang mukha at tila lalo siyang gumanda. At sa kanyang hiya, nagmadali siyang tumakbo palayo. Naramdaman na niyang basambasa ang pagitan ng kanyang mga hita.

Mga ilang hakbang lamang mula sa kinaroroonan ni Vincent, may isa pang dalaga na nakakita at nakaunawa kung ano ang nangyari. Napansin niya na tila inosente si Vincent sa bagay na iyon. At nais niyang malaman kung bakit ganoon ang nangyari. Kaya lumapit siya kay Vincent na sa mga sandaling iyon ay napakamot sa ulo.

"Hi!" wika ng babae. "Anong nangyari sa GF mo?"

"Ha? GF? Anong GF?" wika ni Vincent.

"Aw, hindi pala kayo? Akala ko kayo," wika ng babae. At nang makalapit na siya nang husto kay Vincent, naramdaman niyang uminit ang kanyang katawan. Tila may malilikot na mga kamay na humihimas-himas kahit sa itinatago at iniingatan niyang bahagi ng kanyang katawan. Hindi niya maintindihan ang kanyang naramdaman. Parang may nagsasabi sa kanya na hubarin na ang lahat niyang saplot at ialay sa binata ang kanyang katawan. Naguguluhan pa siya kung ano ang gagawin nang maramdaman niyang biglang nawala ang init na nanulay sa kanyang buong katawan.

"Hala, anong nangyari sa iyo?" wika ng babae na kinabahan. Nakita niyang biglang natumba ang binata. Tumawag kaagad siya ng saklolo.

Nang magkamalay si Vincent, nakahiga na siya sa isang malambot na kama. Matapos siyang dalhin sa klinika, nalamang nahimatay lang siya marahil sa sobrang pagod. Hindi alam ni Vincent na ang ginawa niyang pag-utos sa mga bangsi, dolphins, at balyena ay gumamit nang malaking bahagdan ng kanyang lakas at enerhiya. At lalong malaking enerhiya ang kanyang iginugol nang makipagkamay sa kanya ang

babae na bigla na lamang nanginig. Sa darating na mga panahon, matutuklasan ni Vincent na siya pala ay may hindi pangkaraniwang kakayahan na pasayahin ang mga babae. At kalakip ng kanyang kakaibang kakayahan ay ang kapangyarihang utusan ang tubig at lahat ng hayop na nasa tubig.

"Uy, gising ka na pala?" wika ng babaeng tumulong kay Vincent. "Dito na lang kita pinadala sa cabin para makapagpahinga kang mabuti."

"Ha? Anong nangyari? Bakit nandito ako?" wika ni Vincent na tila nakalimot na kung ano ang nangyari ilang oras pa lamang ang nakalilipas.

"Ewan ko ba kung anong nangyari e bigla ka na lang natumba," wika ng babae. "Siyanga pala, hindi pa tayo nagkakakilanlan. Ako pala si Melissa. Ikaw, anong pangalan mo?"

"A, a, Vincent, Vincent ko miss," sagot niya na tila wala sa sarili. Naalala niya na Melissa din ang pangalan ng magandang babaeng unang lumapit sa kanya kanina lang.

"Aba, parang nanghihina ka pa rin. Magpahinga ka muna riyan. Umorder na ako ng pagkain," wika ng babaeng Melissa rin ang pangalan.

"A, a, pupunta na ako sa aking bunk. Maraming salamat sa pagtulong. Gutom lang siguro ito dahil hindi pa ako nakakapag-agahan," wika ni Vincent pagkabangon niya.

"Huwag ka nang umalis. Pinalipat ko na rito ang accommodation mo. Narito na rin ang mga gamit mo na ipinakuha ko sa iyong bunk. Ako na ang bahala," wika ng babae na puno ng pakiusap ang tinig.

"Naku, nakakahiya naman sa iyo Miss Melissa," wika ni Vincent. "Babalik na lang ako sa aking bunk."

"Huwag kang mahiya. Basta dito ka na. Gusto kong makilala pa kita nang lubos," wika ni Melissa sabay hawak sa kanyang kamay. Hindi niya binitawan iyon hanggang mapaupo sila sa gilid ng kama. At doon, naramdaman ni Vincent na dahan-dahang may bahagi ng katawan niya na nagigising. At ang kanyang tainga ay tila nagbabaga na sa init. Akmang yayakap sa kanya ang babae nang marinig nila ang katok ng may dalang order na pagkain.

Habang sila'y kumakain, noon lamang naramdaman ni Vincent ang paghapdi ng kanyang sikmura. Nagtaka siya dahil hindi niya mapigilang sumubo nang kaliwa't kanan. Naaliw naman siyang panoorin ng babae habang pinagpapawisan siya sa pagkain. Nagpatumpik-tumpik lamang ng pagkain ang babae na tila nanonood ng isang magandang tanawin.

"Kung gusto mo pa, oorder pa tayo," wika ng babae.

At doon lamang namalayan ni Vincent na malapit na pala niyang maubos ang

pagkain sa maliit na mesa. At nang maisip niya iyon, para siyang bata na nahuling nagbubukas ng kaldero. Ngumiti na lamang siya para itago ang kanyang hiya.

"Sus, huwag kang mahiya. Minsan lang naman," wika ng nakangiting dalaga.

Matapos nilang kumain, nagsimula na namang magtanong si Melissa. May nararamdaman na naman siyang hindi niya maintindihan. Tila may kapangyarihang humihigop sa kanya palapit kay Vincent. Sa kanyang pakiramdam, talo pa niya ang nagayuma ng isang taga-Siquijor.

"Ano ang ipupunta mo sa Maynila?" tanong niya kay Vincent.

"Papasok ng kolehiyo," sagot ng binata. "Umaasang maging edukado."

"Ganu'n ba? Saan ka naman papasok?" tanong uli ng babae.

"Sa pambansang unibersidad. Nakatsambang pumasa sa BS Bio," wika ni Vincent. "Gusto kasi ni nanay na maging doktor ako."

"Ganoon ba? Naku, maliit lang talaga ang mundo. Ako naman susubukan kong mag-aplay doon bilang guro sa Humanities. Baka maging estudyante pa kita," wika ng babae. Ngunit sa likod ng kanyang isip ay naroon ang alok ng kanyang kasintahan na isang opisyal ng gobyerno. Gusto na siyang ibahay ng nasabing opisyal kagaya ng ibang kabit nito. Nakilala ng babae ang opisyal na iyon dahil naging kliyente ito sa isang escort services agency kung saan nagtrabaho noon ang babae.

"Aba, mabuti kung ganoon para tiyak na mayroon na akong ipapasa," nakatawang wika ni Vincent. "Anong kurso pala ang natapos mo?"

"Philippine Studies," sagot ng babae. "So, ano, magdodorm ka?"

"Ewan ko," sagot ng binata. "Titingnan pa. May pinsan kasi ako na nasa Marikina. Baka sa kanila ako makikituloy."

At nagpatuloy na sila sa pagkukuwentuhan. Tila matagal na silang magkakilala. At sa pamamagitan ng kuwentuhang iyon, maraming bagay ang nalaman ni Vincent hinggil sa buhay sa loob ng unibersidad. Sa aliw nila sa pagkukuwentuhan, parang nawala na sa babae iyong naramdaman niya kanina lamang. Ni hindi na nga sila lumabas sa cabin upang hindi maputol ang kanilang mga kuwentuhan.

Kinabukasan nang umaga, matagal na nagising ang babae dahil sa puyat. Namalayan na lamang niya na sa kanyang paggising, nakaramdam siya ng matinding pagnanasa na ipahimas-himas kay Vincent ang kanyang buong katawan. Hindi niya maintindihan ang kanyang nararamdaman. At dahan-dahan siyang lumapit sa kama ni Vincent na noon ay mahimbing pa ang tulog. Lalo pang nakaramdam ng hindi pangkaraniwang init sa katawan ang babae nang makita na sa gitna ng pagkakahimbing ni Vincent ay tila nagwawala upang makalabas ang bahagi ng katawan ni Vincent na unang bumabangon sa umaga.

Namalayan na lamang ni Vincent na mayroong tila kumakagat-kagat sa kanyang

mga labi habang humahalimuyak sa kanyang isipan ang isang mabangong hininga. At naramdaman niyang ang kanyang dibdib ay tila kinukuhit ng kambal na bundok na parang bulkang sasabog na sa init. At dahil nakapagpahingang mabuti si Vincent, hindi na siya nahimatay. At sa umagang iyon, nagkamalay si Vincent na dito sa mundo, ay may lalaki at may babae. At si Melissa na mayroon nang karanasan sa ganoong bagay, ay hindi makapaniwalang isang baguntao lamang ang magpapatunay sa kanya na ang susi sa pitong langit ay ipinagkaloob lamang sa iilang mortal ng mundong ito. At sa buong araw na sila ay nagsara ng cabin, natutuhan ng babae na ang tunay na kasiyahan sa laman ay hindi nagmumula sa laman kundi sa isang bagay na hindi nakikita na tinawag ng iba bilang init, kaluluwa, enerhiya, agos, tibok, sigla, at iba pang bansag. Ngunit sa naranasan ni Melissa kasama si Vincent, natalos niyang ang lahat ng iyon ay iba't ibang paglalarawan lamang sa bagay na tinatawag na pagnanasa.

At totoong iyon ay isang uri ng matinding pagnanasa. Iyon at iyon lamang ang pagkakataong nakaramdam si Melissa ng ganoon katinding pagnanasa. At iyon ay hindi niya mailarawan at hindi maintindihan kung bakit nangyari. Kahit si Vincent ay walang alam kung bakit ganoon ang nararamdaman ng mga babaeng lumalapit sa kanya. At sa paglalandian nila ni Melissa, noon lamang naintindihan ni Vincent ang naramdaman ng babaeng nakipagkamay sa kanya sa nakaraang araw. Ang magandang babae na ang pangalan din ay Melissa. Ang babaeng magmula noon ay panaka-nakang pumapasok sa kanyang isip.

Ngunit kung si Melissa ay tila nagdedeliryo sa kanyang nararanasan, para sa murang isipan ni Vincent, iyon ay bahagi lamang ng kanyang pagtuklas at pagdanas sa mundo. Nananatili sa kanyang isipan ang dalisay na pangarap sa buhay. Magsisikap siya na maging doktor sapagkat ayon sa kanyang ina, ang pagbigay at pagpapahaba ng buhay ang siyang pinakadakilang bagay na maaring gawin ng tao sa mundong ibabaw.

At kung kaya, sa gitna ng nagdedeliryong pagnanasa ni Melissa, si Vincent ay payapang tulad ng tubig na dahan-dahang umaagos sa makinis na mga kurba sa katawan ni Melissa. Sa isipan ng babae, parang eskultor si Vincent na masuyo at maingat sa pagkorte ng kanyang katawan. Kung tutuusin, batang-bata pa si Vincent para sa mga ganoong bagay. Ngunit sa gitna ng kanyang kabataan ay ang katotohanang siya ay nasa lahi ng mga bagani na sadyang mayroong hindi pangkaraniwang husay sa iba't ibang uri ng pakikipagtunggali.

Tila umaapoy ang katawan ni Melissa sa tindi ng pagnanasang nararamdaman niya sa mga araw at gabing kanilang pinagsaluhan. At ang karanasan niyang iyon ay hinding-hindi na niya malilimutan sa buong buhay niya. At ang pangyayaring iyon

nga ay magiging bahagi pa ng kanyang mga panaginip sa mga nalalabing araw niya sa mundong ibabaw.

At sadyang tila panaginip ang nangyari kay Melissa. Sapagkat sa huling araw ng kanilang biyahe, parang nagising si Melissa mula sa isang panaginip. Sapagkat sa umagang papalapit na sila sa daungan ng Maynila, nagtaka siya sapagkat nakaramdam siya ng matinding kahungkagan sa kanyang sarili.

Habang nagmumuni si Melissa sa mga pangyayari sa nakaraang mga araw, nakaramdam siya ng malaking pagtataka. Noon lamang siya nakaranas nang ganoon. At sa kanyang pagtitig kay Vincent sa mga sandaling iyon, hindi siya makapaniwalang isinuko niya sa binatang iyon ang kanyang pagkababae. At lalo pa siyang hindi makapaniwala na ang inosenteng mukhang kanyang tinitingnan, na ang mga mata'y tila laging inaantok, ay nag-iwan ng tatak ng kasiyahan sa kanyang laman at katawan na tumagos hanggang sa kanyang kaluluwa.

Ngunit sa naramdamang kahungkagan ni Melissa sa umagang iyon, nagkaroon siya ng pagdududa na baka ginayuma siya ni Vincent. Sapagkat sa umagang iyon, wala siyang naramdamang kahit anong pagnanasa kay Vincent. Iyon ay malayong-malayo sa kanyang naramdaman sa nakaraang mga araw kung saan tila para silang mga kuhol na lagi na lang magkasugpong.

"Ginamitan mo ba ako ng gayuma?" tanong niya kay Vincent.

"Naku, wala akong alam hinggil sa mga gayuma-gayumang iyan. 'Pagkat kung dati ko nang alam iyan, hindi na ako mag-aaral," sagot ng binata.

"Sabihin mo na ang totoo. May gayuma ka ba?" wika ng babae. Hindi naman talaga siya naniniwala sa mga gayuma subalit sa naranasan niya naisip niyang totoo nga yata ang gayuma.

"Naku, wala akong alam sa mga ganyan. Ayon sa aking lolo, ang pinakamabisang gayuma raw ay ang panggayuma sa tiyan. Baka ako pa nagayuma mo," wika ni Vincent. 'Pagkat kahit siya ay hindi alam kung ano iyong kapangyarihan na tila bigla na lamang sumasapi sa kanya.

Sa kanyang pagtataka sa nangyari, tahimik na inihanda ni Melissa ang kanyang mga dalahin. Unti-unti siyang nakaramdam ng hiya sa sarili. Hindi niya alam kung ano ang kanyang dapat sabihin kay Vincent upang masarhan ang yugtong iyon ng kanyang buhay. Hanggang sa sila ay nagsibaba na sa barko, nanatili siyang tahimik. Sa kanyang murang isipan, ang naisip ni Vincent ay nalulungkot ang babae dahil sila'y maghihwalay na. Hindi alam ni Vincent ang matinding hiya na nararamdaman ng babae sa mga sandaling iyon.

Hindi na umimik pa ang babae nang sila ay bumaba. Ni hindi na nito pinansin na napangiwi si Vincent nang maapakan ang paa nito ng isa sa mga kargador na tila

nagpapaligsahang makaakyat sa barko. Nakipaggitgitan pa ang babae upang mabilis na makaalis. Nagmamadaling sumunod si Vincent ngunit ni hindi na lumingon ang babae hanggang makalabas na sa hintayin ng mga pasahero.

"Hoy Vincenzo!" nagulat si Vincent. Noon lamang niya naisip na hinihintay nga pala siya ng kanyang pinsang si Teresa.

"Uy, Dong Vincent, sino 'yon?" tanong ng pinsan.

"A, wala lang. Nakilala ko lang sa barko," wika ni Vincent. Ngunit sa mga sandaling iyon, tila sumikip ang kanyang dibdib. Hindi niya maintindihan kung bakit biglang ganoon ang ginawa ni Melissa.

"Na hala, tayo na nang maaga kang makapagpahinga," wika ni Teresa. Napansin niya ang lungkot na nakapinta sa mukha ni Vincent.

Samantala, nagmamadaling lumakad si Melissa. Dumiretso siya sa parking area kung saan naghihintay ang isang bagong sasakyan na maitim ang salamin. Iyon na ang huling pagkikita nila ni Vincent. Ngunit sa mga gabing nangangarap siya ng katighawan ng makamundong pagnanasa, papasok sa panaginip niya iyong mga sandaling isinuko niya kay Vincent ang lahat. At kahit sa gitna ng kanyang paniniwalang nangyari iyon dahil ginayuma siya ng binata, iyon lamang ang nag-iisang alaala ng kasiyahan na naging baon niya sa gitna ng kahungkagan ng mga taon na iginugol niya bilang kalaguyo ng isang kongresista.